# Pagsagot at Pagbabalik ng Form ng Pagpaparehistro ng Botante Habang Nakabilanggo

## Mga Kwalipikasyon sa Pagpaparehistro upang Bumoto:

- Mamamayan ng Estados Unidos at residente ng California
- Hindi bababa sa 18 taong gulang sa, o bago ang Araw ng Halalan
- Kasalukuyang hindi tumatapos ng isang termino sa kulungan ng estado o pederal para sa isang napatunayang peloni, o
- Kasalukuyang hindi napagpasyahan sa korte na kulang ang kakayahan ng pag-iisip para makaboto

## Mga taong nakadetine sa kalungan na maaaring magparehistro upang makaboto:

- Kasalukuyang tumatapos ng isang sentensiya sa misdemeanor (ang isang misdemeanor ay hindi makakaapekto sa iyong karapatan upang bumoto)
- Dahil ang panahon ng pagkakabilanggo ay isang kondisyon ng probasyon (misdemeanor o peloni)
- Tumatapos ng sentensiya sa kulungan sa peloni
- Naghihintay ng paglilitis O
- Nasa parol
- Nasa probasyon
- Nasa mandatoryong pagbabantay
- Nasa pagbabantay ng komunidad pagkatapos ng paglaya
- Nasa pederal na pinangangasiwaang pagpapalaya
- Isang taong nasa pangangasiwa dahil nahatulan sa kanyang kabataan

## Mga taong nakadetine sa bilangguan o kalungan na hindi maaaring magparehistro upang makaboto:

Kasalukuyang tumatapos ng isang termino sa kulungan ng estado o pederal para sa pagkakahatol sa isang peloni sa:

- Kulungan ng estado
- Pederal na kulungan
- Bilangguan ng County o iba pang pasilidad ng bilangguan*

TANDAAN: Pagkatapos mong makumpleto ang iyong sentensiya, ipapanumbalik ang iyong karapatang bumoto; subalit, kailangan mong magparehistro online sa registertovote.ca.gov o sa pamamagitan ng pagpunan sa papel ng Aplikasyon para sa Pagpaparehistro ng Botante

## Kumpletuhin ang Form

Ibalik ang iyong form sa madaling panahon. Mas maaga kang nairehistro, mas mabilis mong matatanggap ang iyong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Siguraduhing kumpleto ang iyong form sa pamamagitan ng pagpunan sa mga naka-bold na seksyon ng form. Kapag iniwanang blangko ang mga seksyong iyon, maaari itong magdulot ng pagkaantala sa pagpoproseso ng iyong form:

**Seksyon 1 - *Mga Kwalipikasyon:** Tiyaking lalagyan ng tsek ang parehong kahon, kung naaangkop ang mga ito. Hindi maipoproseso ang iyong form kung walang tsek ang kahon para sa pagkamamamayan sa U.S. Kung hindi ka mamamayan ng U.S., sa gayon hindi ka karapat-dapat na magparehistro at bumoto.

**Seksyon 2 - *Legal na Pangalan:** Inirerekomenda naming magparehistro ka upang makaboto gamit ang parehong pangalang nakalagay sa iyong lisensya sa pagmamaneho (DL) o sa kard ng pagkakakilanlan (ID).

**Seksyon 3 - Pagkakakilanlan:** Kung mayroon kang lisensya sa pagmamaneho sa California DL/ numero ng ID at/o Numero ng Seguridad Sosyal (SSN), isulat sa seksyong ito ang impormasyong iyon. Kung wala ka ng alinman sa mga ito, maaari mong iwanang blangko ang mga field.

**Seksyon 4 - *Direksiyon Kung Saan Ako Nakatira:** Dapat kang magbigay ng direksiyon ng kalye para sa direksiyon kung saan ka nakatira. Isama ang numero ng apartment, unit, espasyo, o gusali at/o ang titik kung naaangkop ito sa iyong direksiyon.

Kung wala kang pirming tirahan, maaari kang magbigay ng eksaktong paglalarawan kung saan ka nakatira. Isama ang mga interseksyon ng kalye, ruta, atbp.

Hindi maaaring gamitin ang mga P.O. Box o Mga Hulugan ng Koreo bilang direksiyon ng tirahan.Maaari lamang itong magamit bilang direksyong pangkoreo.

**Seksyon 5 - Direksiyon Kung Saan Ko Matatanggap ang Koreo:** Habang nasa kulungan, mangyaring ibigay ang direksiyong pangkoreo ng Bilangguan ng County ng Santa Clara. Isang Personal File Number (PFN) ang dapat isama sa unang linya sa bahagi ng direksiyon.

**Seksyon 6 - Kasaysayan ng Pagpapatala:** Kumpletuhin ang seksyong kasaysayan ng pagpapatala, gamit ang direksiyon na dati kang nakatala.

**Seksyon 7 - Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo:** Sa ilalim ng Voter's Choice Act, awtomatikong padadalhan ang bawat botante ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo; gayunpaman, hindi ka inaatasang gamitin ito. May opsyon din ang bawat botanteng pumunta sa Sentro ng Pagboto at personal na bumoto.

**Seksyon 8 - Kinakatigang Partidong Pampulitika:** Kung hindi mo gustong pumili ng partidong pampulitika, maaari mong lagyan ng tsek ang kahong Walang Partido/Wala. Kapag iniwanang blangko ang field na ito, awtomatikong magiging default sa iyong kinakatigang partidong pampulitika ang Walang Kinakatigang Partido.

**Seksyon 9 - Opsiyonal na Impormasyon ng Botante:** Ang email, numero ng telepono, gustong wika, at iba pang kahilingan sa pagboto ay opsiyonal.

**Seksyon 10 - *Apidabit:** Lagdaan at lagyan ng petsa ang iyong form. Dapat lagdaan ang iyong form sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling sa hukuman upang maiproseso at maaprubahan ito.

## Pagbabalik ng Form ng Pagpaparehistro

- Pilasin at itago ang ibabang bahagi ng form bilang iyong resibo. Kapag naiproseso at naaprubahan na, makakatanggap ka sa koreo ng kard ng paunawa para sa botante sa loob ng apat hanggang anim na lingo.
- Maaaring ipadala sa koreo ang mga form at dapat maselyuhan ang mga ito ayon sa deadline ng pagpaparehistro.
- Maaari mong personal na ibalik ang form sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante; gayunpaman, mas mainam kung ibabalik ito sa pamamagitan ng koreo.
- Kung magbabalik ka ng mga form sa ngalan ng mga botante, dapat mo itong ibalik sa loob ng 3 araw simula nang natanggap ito.

## Mga Deadline ng Papel at Online na Pagpaparehistro

- Ang mga kwalipikadong mamamayan na kailangang magparehistro o magparehistro ulit upang makaboto sa loob ng 14 na araw bago ang halalan ay maaaring kumumpleto ng apidabit ng Kundisyonal na Pagpaparehistro ng Botante. Kailangan mong bumoto ng personal sa Tagapagrehistro ng mga Botante o sa alinmang Sentro ng Pagboto sa parehong araw.

*Hindi maipoproseso ang iyong form kung iiwanang blangko ang mga field na ito.